**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Hunyo 6*

## SAN NORBERTO
## Obispo at Kumpesor
## (Tagapagtatag ng Orden ng Norbertino)

*III cl • Doble • Puti*

*Mula sa* Para sa Confesor na Obispo "Statuit," *maliban sa sumusunod:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS,** qui nos ánnua beatórum Mártyrum tuórum Marcellíni, Petri atque Erásmi sollemnitáte lætíficas : præsta, quaésumus; ut, quorum gaudémus méritis, accendámur exémplis. Per Dominum.

**O DIOS,** taun-taon mo kaming pinaliligaya sa pista ng iyong mga banal na Martir na sila Marcelino, Pedro, at Erasmo: isinasamo namin sa iyo na tularan nawa namin ang kabanalan at pagka-uliran nila sa lupang ibabaw. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

• • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • • •

*Hunyo 9*

## SAN PRIMO at FELICIANO
## Mga Martir

*Paggunita • Simple • Pula*

*Mula sa* Para sa Maramihang mga Martir "Sapiéntiam Sanctórum," *maliban sa sumusunod:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**FAC** nos, quaésumus. Dómine, sanctórum Mártyrum tuórum Primi et Feliciáni semper festa sectári : quorum suffrágiis protectiónis tuæ dona sentiámus. Per Dóminum.

**O DIOS,** taun-taon mo kaming pinaliligaya sa pista ng iyong mga banal na Martir na sila Marcelino, Pedro, at Erasmo: isinasamo namin sa iyo na tularan nawa namin ang kabanalan at pagka-uliran nila sa lupang ibabaw. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 88:6, 2*

**Confitebúntur** cæli mirabília tua, Dómine : étenim veritátem tuam in ecclésia Sanctórum.
*V.* Misericórdias tuas, Dómine, in ætérnum cantábo : in generatióne et progénie.

**Inihahayag** ng sangkalangitan ang Iyong kamahalan, O Dios: at ang Iyo namang katotohana'y inihahayag ng mga Banal sa kanilang pagtitipon.
*V.* Ang kagandahang-loob Mo, O Poon ko, aawitin ko palagian at kailanman sa lahat ng salinlahi at ng kanilang mga anak!

**Allelúia, allelúia.** *V.* Hæc est vera fratérnitas, quæ vicit mundi crímina : Christum secúta est, ínclita tenens regna cæléstia. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Narito ang tunay na kapatiran, yamang napagtagumpayan nila ang daigdig na sadlak sa sala: sinundan nila si Cristo, tangan ang maluwalhating kaharian ng Langit. **Aleluya.**

*Sa buong panahon ng* Pascua (Muling Pagkabuhay) *ang Misa ay mula sa* Maramihang mga Martir "Sancti Tui." *Samantala, ang* Aleluya *at* Dakilang Aleluya *ay papalit sa* Gradual (Paningit na Awit)*:*

### Dakilang Aleluya • *Te Deum*

**Alleluia, alleluia.** *V.* Hæc est vera fratérnitas, quæ vicit mundi crímina : Christum secúta est, ínclita tenens regna cæléstia.

**Aleluya, aleluya.** *V.* Narito ang tunay na kapatiran, yamang napagtagumpayan nila ang daigdig na sadlak sa sala: sinundan nila si Cristo, tangan ang maluwalhating kaharian ng Langit.

**Alleluia** *V.* Te Mártyrum candidátus laudat exércitus, Dómine. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya.** *V.* Ang mga Martir mong nabibihisan ng karilagan ay nagdiriwang at nagbubunyi sa iyo, O Poon! **Aleluya.**

### Ebanghelyo • *Mt 11:25-30*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**Noong panahong iyon:** Tumugon si Jesus at sinabi: "Pinasasalamatan kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, sapagkat ikinubli mo ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag mo sa mga sanggol; oo, Ama, sapagkat gayon ang mapagpala mong kalooban. Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking Ama. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama; at walang nakakakilala sa Ama, kundi ang Anak, at sinumang piliin ng Anak na pagpahayagan niya. Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at matuto kayo sa akin; sapagkat ako'y maamo at may mapagpakumbabang puso at makakatagpo kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang aking pasan." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

### Antipona sa Pag-aalay • *Ps 67:36*

**Mirabili** Deus in sanctis suis : Deus Israël, ipse dabit virtútem et fortitúdinem plebi suæ : benedíctus Deus, alleluia!

**Kahanga-hanga** ang Poon sa Kaniyang mga banal: ang Dios ng Israel ang magbibigay ng kapangyarihan at lakas kaniyang bayan: purihin ang Dios, aleluya!

### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Fiat** tibi, quaésumus, Dómine, hóstia sacránda placábilis, pretiósi celebritáte martýrii : quæ et peccáta nostra puríficet, et tuórum tibi vota concíliet famulórum. Per Dóminum.

**Isinasamo** namin, O Panginoon, upang ang paghahain na ito'y malubag nawa ang kalooban Mo sa kapistahan ng iyong mga banal na Martir: at sa bisa nito'y padalisayin kami mula sa karumhan ng aming mga pagsuway upang mas maging marapat ang mga pagdulog namin sa Iyo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### Antipona sa Komunyon • *Jn 15:16*

**Ego** vos elegi de mundo, ut eátis et fructum afferátis : et fructus vester máneat.

**Itinalaga** ko kayo upang kayo'y humayo at magbunga, at ang mga bunga ninyo'y mananatili.

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Quaésumus,** omnípotens Deus : ut sanctórum Mártyrum tuórum Primi et Feliciáni cæléstibus mystériis celebráta sollémnitas, indulgéntiam nobis tuæ propitiatiónis acquírat. Per Dóminum.

**Hinihiling** namin, O Dios na makapangyarihan, na makamtan namin ang iyong pag-ibig at kapatawaran dito sa araw ng pagdiriwang namin sa mga banal na misterio sa pista nina San Primo at Feliciano na Iyong mga martir. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...